BRAMPTON

Media Release

PARA SA AGARANG PAGLABAS

# Ang Abril ay ang Earth Month sa Brampton

Mamuhunan sa ating planeta kasama ang Lungsod ng Brampton habang kinikilala natin ang Earth Month.

Iniaalok ng Lungsod ng Brampton ang mga event at aktibidad sa buong buwan na may layunin na lumikha ng mas sustenable at luntiang kinabukasan. Ang programa ay magwawakas sa **Pangkapaligirang Pagdiriwang ng Earth Day** sa Sabado, Abril 22.

**Programa ng Paglilinis sa mga Parke**

Ang Programa ng Paglilinis sa mga Parke ay sinisimulan sa Abril 1 at tatakbo hanggang Nobyembre 1. Pwedeng magpa-register ang mga paaralan para sa School Challenge (Hamon sa Paaralan), para makatulong sa paglilinis ng mga parke ng Lungsod ng Brampton. Ang kalahok na mga paaralan ay kwalipikado sa pagbola para manalo ng $1,000 gift certificate mula sa Outdoor Learning Store.

**Mga Paglilinis sa Komunidad**

Community Cleanup na hinost ng Ecosource
Abril 15, 2023 1-4pm
Knightsbridge Park

Community Cleanup **na hinost ng** Toronto Region Conservation Authority
Abril 22, 10am-12pm
Loafers Lake

Community Cleanup na hinost ng Parks Department ng Lungsod ng Brampton
Abril 29, 10am-12pm
Kiwanis Park

Ang mga pagliliniis sa spring ay inisponsor ng Alectra Inc. at CN. Para sa karagdagang impormasyon sa mga programa sa paglilinis ng parke at paglilinis sa komunidad, bumisita sa www.brampton.ca/cleanup.

**Pagdiriwang sa Earth Day at Exhibition sa Climate Change sa Lungsod ng Brampton**

Sumama sa amin sa Norton Place Park sa Abril 22 para sa ikalawang taunang pagdiriwang sa Earth Day. Makipag-usap sa isang lokal na pangkapaligirang mga pangkat, sumali sa Climate Change Exhibition, na mamimigay ng punong-kahoy at butil at iba pang mga aktibidad na nakakabuti sa pamilya. Ibibigay ang libreng tanghalian sa pagpapa-register para sa event. Mag-register sa www.brampton.ca/earthday.

Upang itaguyod ang unang Plano sa Pag-angkop sa Climate Change ng Lungsod, magho-host ang Lungsod ng isang Exhibition sa Climate Change. Dumalo at makinig mula sa mga tagapagsalita, sumali

sa isang  live mural painting, at tingnan ang isang artwork na kaugnay ng klima na nilikha ng mga residente. Ang Exhibition ng Climate Change ay mag-aanunsyo rin sa mananalo sa Kompetisyon sa Sining sa Climate Change.

**Pagdiriwang ng Earth Day at Exhibition sa Climate Change**
Abril 22, 12-4 pm
Norton Place Park

Ang Earth Day 2023 ay mpagbigay na inisponsor ng CN at GTAA. Limitado ang paradahan. Mangyaring pag-isipan ang pagkuha ng Brampton Transit, pagbibisikleta o paglalakad para suportahan ang sustenabling mga aksyon para sa Earth Day.

**Pagtatanim ng Punong-kahoy sa Komunidad**

Abril 22, sa pakikipagtulungan sa Toronto Region Conservation Authority (TRCA)
Gore Meadows Community Centre, 9:30 am - 12 pm

Abril 23, na iho-host ng Credit Valley Conservation (CVC)
Andrew McCandless Park 9:30 am-12 pm

Mapagbigay na inisponsor ng CN ang pagtatanim ng punongkahoy.

**Pamimigay ng Residensyal na Punong-kahoy**

Abril 22
Gore Meadows, 10 am-12 pm
Norton Park Place, 1-3 pm

Abril 23
Andrew McCandless Park, 10 am-12 pm
Fred Kline Park, 1-3 pm

Ang Pamimigay ng Punong-kahoy ay mapagbigay na inisponsor ng CN at Paradise Developments.

Kinakailangan ang paunang pagpapa-register para sa lahat ng pagdiriwang sa Earth Day, mga ng pagtatanim ng punong-kahoy at pamimigay ng punong-kahoy.

Bilang isang countdown sa Earth Month, nakilahok ang Lungsod ng Brampton sa Earth Hour sa taon na ito sa Marso 25, bilang bahagi ng Zero Carbon Strategy ng Lungsod, upang bawasan ang carbon footprint ng Brampton at upang protektahan ang ating planeta. Ang pagpatay sa mga ilaw sa maraming mga pasilidad ng Brampton sa loob ng isang oras na ito, mula  8:30 hanggang 9:30 pm, ay nangangahulugan ng paglahok at pakikiisa sa hangarin.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang [www.brampton.ca/earthday.](http://www.brampton.ca/earthday)

## Mga Quote

"Tayong lahat ay may papel na ginagampanan para lumikha ng mas luntian at mas sustenableng kinabukasan. Nananabik tayo na maging parte ng dati nang maganda at umuunlad na komunidad, at pinapakinabangan natin iyan sa ating Plano ng Pag-angkop sa Climate Change. Sumama sa amin sa Abril habang ipinagdiriwang natin ang spring at itanim ang mga butil na iyon para sa mas magandang kinabukasan sa ating pamimigay ng mga punong-kahoy, mga oportunidad ng pagkatuto at mga inisyatiba ng pagtatanim ng punong-kahoy sa komunidad."

*- Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking mga lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustenable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa Twitter, Facebook, at Instagram. Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

**KONTAK NG MEDIA**
Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca